

Pagkatapos Mong Mag-apply sa FEMA, Ano Ngayon?

Release Date: Enero 21, 2025

LOS ANGELES – Pagkatapos mong mag-apply sa FEMA para sa tulong sa sakuna, baka maisip mo kung ano ang susunod. Minsan, maaari kang tawagan ng FEMA para sa karagdagang impormasyon o magbigay sa iyo ng update. Ang mga mensahe mula sa FEMA ay darating sa pamamagitan ng email, telepono, o text. Malalaman mo na ang mensahe ay nagmumula sa FEMA kapag nagmula ito sa isa sa mga sumusunod na source:

- Email mula sa noreply-ecorr@dhs.gov, fema-automessaging@fema.intouchconnections.com o fema-automessaging@fema.dhs.gov.
- Mga tawag mula sa **1-800-621-3362** o **1-866-863-8673**. (Minsan ay maaaring tumawag ang FEMA na may recorded na voice message para magbigay sa iyo ng impormasyon tungkol sa iyong application.)
- Mga text mula sa **43362** o **91908**.

Mga hakbang na maaari mong gawin upang makatulong na isulong ang iyong pagbawi sa sakuna:

BUKSAN ANG FEMA ACCOUNT ONLINE. Ang isang kapaki-pakinabang na unang hakbang ay ang paggawa ng iyong personal na online na account gamit ang FEMA Disaster Assistance Center (DAC) sa DisasterAssistance.gov. Tuturuan kang gumawa ng isang natatanging Personal Identification Number (PIN) para sa ligtas na pag-access sa iyong impormasyon sa aplikasyon ng tulong sa kalamidad. Maaari kang makarinig mula sa FEMA sa loob ng 10 araw ng pag-apply o mas maikli, kahit na ang kasalukuyang pangangailangan para sa tulong sa sakuna sa County ng Los Angeles ay maaaring pansamantalang magpabagal ng proseso. Samantala, sa iyong online na account magagawa mong:

- I-track ang status ng iyong application habang ito ay sinusuri



FEMA

Page 1 of 3

- Ibigay ang iyong bagong address kung lumipat ka o iba pang personal na impormasyon na nagbago
- Tingnan ang mga sulat at mensahe na ipinadala sa iyo sa FEMA
- Kumuha ng mga detalye sa mga karagdagang dokumento na kailangan ng FEMA upang iproseso ang iyong tulong
- Isumite ang mga dokumento sa iyong file
- Suriin ang impormasyong ipinadala mo sa FEMA at update at gumawa ng mga pagwawasto

Para sa tulong sa paggawa o pag-sign in sa iyong account: Bisitahin ang [Login.gov Help Center](#).

MAGBIGAY NG KARAGDAGANG MGA DOKUMENTO. Minsan ay maaaring kailanganin ng FEMA ang higit pang impormasyon mula sa iyo. May tatlong paraan upang magpadala ng mga dokumento (isama ang iyong pangalan at numero ng aplikasyon):

- Online sa *Upload Center* sa [DisasterAssistance.gov](#).
- Magpadala ng sulat sa FEMA, P.O. Box 10055, Hyattsville, MD 20782-8055.
- Pag-fax sa **1-800-827-8112**.

MANGALAP AT MAGPADALA NG IBANG IMPORMASYON. Maaaring humiling ang FEMA ng higit pang mga dokumento o impormasyon habang sinusuri ang iyong aplikasyon, halimbawa:

- Pagpapatunay ng iyong pinsalang dulot ng sakuna sa pamamagitan ng isang onsite [na inspeksyon sa bahay](#) at kumpirmahin ang iyong pagiging karapat-dapat para sa [lodging program](#).
- Pagpapatunay ng iyong pagkakakilanlan; maaaring kailanganin kang magsumite ng mga karagdagang dokumento.

PABILISIN ANG PAG-INSPEKSYON NG IYONG BAHAY Pagkatapos mong mag-apply sa FEMA, susuriin ang iyong kahilingan para sa tulong upang matukoy kung kailangan ang isang inspeksyon upang kumpirmahin ang pinsalang nauugnay sa kalamidad sa iyong tahanan at personal na ari-arian. Ang mga inspeksyon sa tahanan ng FEMA ay isinasagawa nang personal o virtual, at makikipag-ugnayan sa iyo ang inspektor upang gumawa ng appointment. Kung ang inspeksyon ay personal, ang inspektor ng FEMA ay magpapakita sa iyo ng



FEMA

isang opisyal na pagkakakilanlan sa larawan at malalaman ang iyong numero ng pagpaparehistro; hindi kailanman hihilingin sa iyo ng mga inspektor (kung hihilingin, huwag ibigay) Walang bayad para sa inspeksyon.

SIGURADUHING NAIINTINDIAHN MO ANG LIHAM NG PAGPAPASYA NI FEMA. Basahing mabuti ang iyong sulat ng pagpapasiya upang maunawaan ang iyong mga susunod na hakbang sa proseso at kung anong karagdagang dokumentasyon ang maaaring kailanganin. Ang liham ng pagpapasiya ay magbibigay din ng mga tagubilin kung paano mo magagawa [ang desisyon sa pag-apela ng FEMA](#).

Kung kailangan mo ng karagdagang tulong, tawagan ang Helpline ng FEMA sa **1-800-621-3362** o bisitahin ang **Disaster Recovery Center (DRC)** upang malaman ang tungkol sa mga mapagkukunan mula sa FEMA, estado at iba pang mga organisasyon at ahensya na nagbibigay ng tulong sa kalamidad sa County ng Los Angeles. Ang dalawang DRC ay bukas sa Los Angeles County. Ang mga lokasyon ay:

UCLA Research Park West

10850 West Pico Blvd.

Los Angeles, CA 90064

Oras ng operasyon: **9 a.m. hanggang 8 p.m. pitong araw sa isang linggo.**

Pasadena City College Community Education Center

3035 East Foothill Blvd.

Pasadena, CA 91107

Oras ng operasyon: **9 a.m. hanggang 8 p.m. pitong araw sa isang linggo.**



FEMA